# PAGTATAKDA NG MGA PRIYORIDAD

2
ARALIN

## TALAAN NG MGA TATALAKAYIN

- Panimula
- Ano ang Uunahin?
- Pagkumpleto ng Gawain
- Pagtatakda ng mga Priyoridad
- Konklusyon
- Pagtatasa sa Estudyante

## MGA LAYUNIN

Bigyang-kahulugan ng mga estudyante ang "pagbibigay priyoridad."

Aalamin ng mga estudyante kung paano bigyang priyoridad ang mga gawain at magsasanay sa pagbibigay ng priyoridad sa sariling mga aktibidad.

Tutukuyin at reresolbahin ng mga estudyante ang nagsasalungatang mga tunguhin.

## MGA KINAKAILANGANG MATERYALES

- Hindi bababa sa limang malambot na foam na bola o limang bolang medyas(Panimula)
- Nakumpletong activity sheet na “Papunta Ka Na” mula sa naunang aralin (Bahagi III)

# Panimula

3 Minuto

Magtawag ng boluntaryo para samahan ka sa harap ng klase. Sabihin sa boluntaryong tumayo nang anim na talampakan ang layo sa iyo.

Kunin ang lahat ng limang malambot na foam na bola at ihagis nang sabay-sabay sa boluntaryo. Habang ginagawa ito, sabihin sa estudyante, "Saluhin mo!"

Kapag napulot na ninyo ng boluntaryo ang mga bola, sabihin sa boluntaryo na sumalo ulit at ihagis nang paisa-isa ang bawat bola sa estudyante.

Ipaliwanag sa klase na mas madaling gumawa ng mga bagay nang paisa-isa, sa halip na sabay-sabay. Sabihin sa kanila, "Isipin ang mga bagay na gusto ninyong gawin ngayong araw. Kung susubukan ninyong gawin ang mga ito nang sabay-sabay, masuwerte kayo kung matatapos ninyo ang bawat isa sa mga ito."

Ipaliwanag na tututukan ng aralin ngayong araw ang pagbibigay priyoridad ng kanilang mga gawain at layunin, para matapos ng mga estudyante ang lahat ng ito, nang paisa-isa.

# Bahagi I: Ano ang Uunahin?

10 Minuto

Layunin: Bigyang-kahulugan ng mga estudyante ang "pagbibigay priyoridad."

**1. Tatalakayin ng mga estudyante kung ano ang uunahin.**

Tanungin ang mga estudyante, "Ano ang ibig sabihin ng pagbibigay priyoridad sa mga bagay?" Gabayan ang mga estudyante na matukoy na ang "pagbibigay priyoridad" ay nangangahulugang pagsasaayos ng grupo ng mga item mula pinakamahalaga hanggang hindi pinakamahalaga.

Atasan ang mga estudyanteng maglista ng mga tao, lugar, o bagay na mahalaga sa kanila. Isulat ang mga tugon sa pisara. Kung may 10 item na nakalista, atasan ang mga estudyante na lagyan

ang mga ito ng bilang mula isa (ang pinakamahalaga) hanggang 10 (ang hindi pinakamahalaga). Atasan ang mga boluntaryo na ibahagi ang kanilang mga ranking. Ipunto na may iba't ibang priyoridad ang mga tao.

Tanungin ang mga estudyante kung bakit kailangan nilang bigyan ng priyoridad ang mga item. Ipaliwanag na inuuna ng mga tao ang mga gawaing kailangan nilang gawin para alam nila kung aling mga bagay ang tututukan.

**2. Malalaman ng mga estudyante na para magbigay ng priyoridad, dapat nilang tukuyin ang mga gawaing kailangan nilang matapos.**

Ipunto na kailangang malaman ng mga estudyante ang kanilang mga gawain para maisaayos ang mga bagay na uunahin. Sabihin sa kanila na mukha lang itong madali, pero madalas na nauubos ang oras ng mga tao sa pag-alala sa mga bagay na kailangan nilang gawin kapag sobrang abala sila. Atasan ang mga estudyanteng magmungkahi ng mga posibleng solusyon dito. Gabayan ang mga estudyante hanggang maunawaan nila na kapaki-pakinabang na kagamitan ang nakasulat na listahan para sa pagbibigay priyoridad sa mga aktibidad.

Atasan ang mga estudyante na pangalanan ang ilan sa mga gawaing maaari nilang ilista para gawing priyoridad. Isulat sa pisara ang mga tugon ng mga estudyante. (Maaaring itugon ng mga estudyante: gawaing-bahay, trabaho, takdang-aralin, at personal na mga layunin.)

**3. Matututuhan ng mga estudyante na may iba't ibang paraan ng pagbibigay ng priyoridad.**

Tanuning ang mga estudyante, "Ano ang mas gusto ninyong kainin: ice cream, letsugas, o saging?"

Pagbotohin ang mga estudyante. Isulat sa pisara ang bilang ng mga boto para sa bawat item. Pagkatapos nito, hingin ang paliwanag ng mga estudyante kung bakit nila mas pinili ang isang bagay kaysa iba. Ipunto na may iba't ibang paraan ng pagbibigay ng priyoridad ang mga tao. Ipatukoy sa mga estudyante ang iba't ibang paraan ng pagsasaayos ng listahan. (Maaaring itugon

ng mga estudyante: ayon sa gustong kainin, ayon sa kung ano ang hindi nakakapagpataba, ayon sa kung ano ang pinakamasustansya.)

Ipaliwanag na ang proseso ng pagbibigay ng priyoridad ay tulad ng ginawa nila. Ipunto na nagdudulot ng magkakaibang mga resulta ang iba't ibang paraan ng pabibigay ng priyoridad.

Atasan ang mga estudyante na tukuyin ang mga pamantayang magagamit nila sa pagbibigay priyoridad sa iba't ibang mga item sa kanilang mga listahan ng tatapusing mga gagawain. (maaaring itugon ng mga estudyante: kronolohikong ayos, kahalagahan, ano ang kailangan nilang gawin para matupad ang isang layunin.)

**4. Matututuhan ng mga estudyante na kasama sa pagtukoy ng mga priyoridad ang pagsasaalang-alang sa mga kahihinatnan.**

Ipunto sa mga estudyante na ang paggawa ng priyoridad ay proseso ng pagdedesisyon: nagdedesisyon sila kung aling gawain ang uunahin o paglalaanan ng mas maraming oras. Ipaalala sa mga estudyante ang kahalagahan ng pagsasaalang-alang sa mga kahihinatnan sa proseso ng pagdedesisyon. Ipakita sa mga estudyante ang mga opsyon sa naunang pahina at ipalista sa kanila ang mga kahihinatnan ng pagpili ng isang item ng pagkain kaysa iba.

Sabihin sa mga estudyante na kapag natukoy na nila ang maaaring kahihinatnan, dapat silang magdesisyon kung aling kahihinatnan ang pinakamahalaga sa kanila.

# Bahagi II: Pagkumpleto ng Gawain 15 Minuto

Layunin: Matututunan ng mga estudyante ang pagbibigay priyoridad sa mga aktibidad.

**1. Tatalakayin ng mga estudyante ang iba't ibang priyoridad.**

Ipaliwanag sa mga estudyante na sa maraming pagkakataon ay mahalaga ang pagbibigay priyoridad sa mga gawain batay sa isa o higit pang pamantayan. Atasan ang mga estudyante na magbigay ng mga halimbawa ng sandali na maaaring kailanganin nilang magsaalang-alang ng

mahigit sa isang pamantayan. Isulat sa pisara ang mga tugon ng mga estudyante. (Maaaring itugon ng mga estudyante: kapag ang mahigit sa isang gawain ay isang hakbang tungo sa iyong layunin, kapag inatasan ka ng taong ginagalang mo na gumawa ng isang bagay, kapag nangako kang gumawa ng isang bagay.)

Atasan ang mga estudyante na balikan ang ilan sa iba't ibang paraan ng pagbibigay priyoridad sa mga item na ito.

Ipaliwanag sa mga estudyante na ang oras ay halos laging elemento sa pagbibigay ng priyoridad. Maaaring limitado sa isang araw ang ilang aktibidad, tulad ng mga gawaing-bahay o takdang-aralin. Maaari namang abutin ng ilang taon ang ilang aktibidad, tulad ng pangmatagalang tunguhin sa trabaho.

**2. Matututunan ng mga estudyante kung paano bigyang priyoridad ang kanilang mga gawain.**

Ipaliwanag sa mga estudyante na gagawa na sila ngayon ng priyoridad ng kanilang mga gawain. Sabihin, "Ipagpalagay na may tatlong bagay kayong kailangang gawin: pumunta sa party, gawin ang takdang-aralin, at gumawa ng gawaing-bahay."

Atasan ang mga estudyante na magmungkahi ng mga paraan ng pagbibigay priyoridad sa mga gawain. Ilista ang kanilang mga tugon sa pisara.

Kapag hindi sumang-ayon ang mga estudyante sa paraan ng paglilista ng priyoridad, tagubilinan silang depensahan ang kanilang katwiran. Hikayatin ang mga estudyante na ipaliwanag ang mga kahihinatnan ng pagpili sa isang gawain sa halip na iba.

Sa talakayan, idiin ang mahalagang punto na ang paggawa ng takdang-aralin ay isang hakbang para matupad ang pangmatagalang layunin. Sa kadahilanang ito, ang isang mahalagang kahihinatnan ng hindi paggawa ng kanilang takdang-aralin ay ang hindi pag-usad ng action plan nila sa pagtupad sa kanilang pangmatagalang mga layunin. Ipaalala sa mga estudyante ang kahalagahan ng pagtuon sa kanilang pangmatagalang mga layunin.

Gabayan ang mga estudyante na makarating sa sumusunod na priyoridad:

1. Unahin dapat ang takdang-aralin, dahil nauugnay ito sa kanilang pangmatagalang mga layunin.
2. Isunod ang mga gawaing-bahay. Kung hindi nila gagawin ang mga gawaing-bahay, baka mawalan sila ng pribilehiyong magpunta sa party.
3. Huli ang pagpunta sa party. Mahalaga ang pakikisalamuha sa mga kaibigan, pero hindi dapat ito makaabala sa mga layunin at responsibilidad ng mga estudyante.

Sabihin sa mga estudyante na kung uunahin nila ang takdang-aralin, mananatili silang nakatuon sa kanilang pangmatagalang mga layunin. Ipunto na nakikita rin nila na sa pagtupad sa mga responsibilidad sa pamilya, puwede silang pumunta sa party at maglibang.

**3. Malalaman ng mga estudyante na kung minsan ay nagsasalungatan ang kanilang mga layunin.**

Tanungin ang mga estudyante kung ano ang gagawin nila kung may isang oras lang sila para tapusin ang kanilang takdang-aralin at gawaing-bahay, pero ang bawat isa sa mga gawaing ito ay nangangailangan ng isang oras para matapos.

Ipaliwanag sa mga estudyante na kapag may ilan silang gawain at hindi makukumpleto ang lahat ng ito, may nagsasalungatan sillang mga layunin.

Atasan ang mga estudyante na magbigay ng mga pangunahing dahilan kung bakit nangyayari ang salungatan ng mga layunin. Hingan ng sagot ang mga estudyante na ang mga limitasyon sa oras ang pinakakaraniwang dahilan ng salungatan.

**4. Tutukuyin ng mga estudyante ang mga paraan sa pagharap ng nagsasalungatang mga layunin.**

Atasan ang mga estudyante na magbigay ng mga posibleng solusyon sa nagsasalungatang mga layunin sa paggawa ng takdang-aralin, pagpunta sa party, at paggawa ng mga gawaing-bahay. (Maaaring itugon ng mga estudyante: magpahuli sa party o huwag na lang pumunta, huwag gawin ang takdang-aralin, huwag gawin ang mga gawaing-bahay.)

Ipatalakay sa mga estudyante ang mga kahihinatnan ng bawat opsyon. Sabihin sa mga estudyante na kapag binago nila ang kanilang mga priyoridad, kailangang handa sila sa mga kahihinatnan. Mahalagang hindi sila gumawa ng pagbabago na mukhang positibo sa una pero may negatibong epekto sa kanilang pangmatagalang mga layunin.

# Bahagi III: Pagtatakda ng mga Priyoridad

15 Minuto

Layunin: Magsasanay ang mga estudyante na bigyan ng priyoridad ang kanilang mga aktibidad.

**1. Gagawa ang mga estudyante ng sarili nilang to-do list.**

Sabihin sa mga estudyante na magsasanay na sila ngayon sa pagbibigay priyoridad ng kanillang panandaliang mga layunin. Ipasangguni ang mga estudyante sa kanilang activity sheet na “Papunta Ka Na” mula sa naunang aralin at anumang mga planners na mayroon sila. Pagawain sila ng listahan ng mga gawain na kailangan nilang matapos ngayong linggo. Ipaalala sa mga estudyante na magsama ng anumang aktibidad na may regular na iskedyul (tulad ng takdang-aralin o mga gawaing ekstrakurikular).

**2. Gagawa ng mga listahan ng priyoridad ang mga estudyante.**

Bigyan ang mga estudyante ng limang minuto para lagyan ng bilang ang kanilang listahan ayon sa priyoridad. Hikayatin ang mga estudyante na talakayin ang anumang salungatan sa iyo o sa isa't isa. Paalalahanan silang laging isaalang-alang ang mga kahihinatnan ng kanilang mga desisyon.

**3. Tatalakayin ng mga estudyante ang proseso ng pagbibigay ng priyoridad.**

Atasan ang mga estudyante na ipaliwanag ang pinagdaanan nilang proseso para bigyan ng priyoridad ang kanilang mga aktibidad. Atasan silang ibahagi ang anumang mga salungatang partikular na nahirapan silang resolbahin at ipaliwanag kung ano ang isinasaalang-alang nila sa paggawa ng priyoridad. Hikayatin ang mga estudyante na talakayin ang mga kahihinatnan.

Ipaliwanag sa mga estudyante na may dalawang hakbang sa pagharap sa nagsasalungatang mga layunin. Una, dapat nilang tanggapin na may umiiral na salungatan. Pangalawa, dapat silang gumawa ng plano sa pagtugon sa sitwasyon at aksiyonan ito. Ipunto na huwag silang magkakamaling umasa na basta na lang mawawala ang isang salungatan, dahil hindi ito mangyayari.

# Konklusyon

2 Minuto

Atasan ang mga estudyante na bigyang-kahulugan ang "pagbibigay priyoridad." Kunin sa mga estudyante ang mga sumusunod na **pangunahing punto** na itinuro sa araling ito:

- Ang "pagbibigay priyoridad" ay nangangahulugang pagsasaayos ng mga item mula sa pinakamahalaga hanggang sa hindi pinakamahalaga para matupad ang mga layunin.
- Maaaring mag-iba-iba ang mga pamantayan sa pagbibigay ng priyoridad, depende sa mga sitwasyon at pangangailangan.
- Mahalagang isaalang-alang ang mga kahihinatnan kapag binibigyan ng priyoridad ang mga aktibidad.
- Kapag nagsalungatan ang mga layunin, mahalagang isaalang-alang ang mga alternatibo na maaaring lumutas sa problema.

# Pagtatasa sa Estudyante

1. Paano nakakatulong ang pagbibigay ng priyoridad na maabot ng mga tao ang kanilang mga layunin?
2. Ilista ang lahat ng bagay na kailangan mong gawin ngayong linggo. Isaayos ang listahan ayon sa priyoridad.
3. Anong pamantayan ang ginamit ninyo sa pagbibigay ng priyoridad sa inyong listahan?

# MGA PAGPAPALAWIG NG ARALIN

## PAGGAMIT NG MGA SIPI

"Ang isang ngayon ay katumbas ng dalawang bukas."

Atasan ang mga estudyante na mag-isip ng iba pang mga kasabihan na katulad nito (hal., "huwag ipagpabukas ang magagawa mo ngayon,"mas mabuti nang mayroon kahit kaunti kaysa umasa sa mas marami," "gawin na ang anumang magagawa ngayon"). Tanungin ang mga estudyante kung bakit napakaraming bersyon ng ganitong pananaw.

## PAGTUGON SA IBA'T IBANG ESTILO NG PAGKATUTO

Ipaliwanag sa mga estudyante na sinasagot ng lahat ng balita ang mga tanong na ito: Sino? Ano? Kailan? Saan? Bakit? Paano? Pagawain ng listahan ang mga estudyante ng pitong bagay na dapat nilang gawin ngayon sa pamamagitan ng pagsagot sa mga tanong na ito.

Talakayin kung paano makakatulong sa mga estudyante ang pagsagot sa anim na tanong na ito na manatiling nakapokus at matagumpay na makatapos ng mga gawain.

## PAGSUSULAT SA IYONG JOURNAL

Ipalista sa mga estudyante ang mga bagay na dapat nilang magawa bukas ayon sa pagkakasunod-sunod na dapat magawa ang mga ito.

Pabalikin ang mga estudyante sa pagge na ito sa susunod na gabi, kapag gumawa sila ng isa pang listahan para sa susunod na araw at ipasuri kung nasunod ang ginawa nilang listahan. Kung hindi, bakit?

# PAGGAMIT NG TEKNOLOHIYA

Tagubilinan ang mga estudyante na pangalanan ang mga imbensiyon na nakakatulong sa mga tao na magawa nang mabilis ang trabaho. Para gabayan ang mga estudyante, ihambing ang oven at microwave, o ang mano-mano at de-kuryenteng pantasa.

Tagubilinan ang mga estudyante na gumuhit ng larawan na nagpapakita ng buhay bago ang mga imbensyon at pagkatapos ng mga imbensiyon. Ipa-rank sa mga estudyante ang mga imbensyon batay sa epekto ng mga ito sa araw-araw na buhay (hal., mas malaki ang naging epekto ng kotse kaysa iPod).

# TAKDANG-ARALIN

Tagubilinan ang mga estudyante na kapanayamin ang isang kapamilya para malaman kung paano nila bigyan ng priyoridad ang mga gawain.

Atasan ang mga estudyante na ipaliwanag kung paano binibigyan ng priyoridad ng kanilang pamilya ang mga gawain. Talakayin ang iba't ibang paraan ng mga tao sa pagbibigay ng priyoridad (hal., oras, dali o hirap, kahalagahan, values).

# MGA KARAGDAGANG RESOURCE

Ipabasa sa mga estudyante ang "The Tortoise and the Hare" ni Aesop.

Ipatalakay sa mga estudyante ang mensahe ng pabulang ito at ang mga priyoridad ng parehong pagong at kuneho.